Limitadong Pamamahagi ng Impormasyon ng Mag-aaral para sa Layunin ng Local Education Agency (LEA) Medi-Cal Billing Option

Paunawa sa mga Magulang/Tagapag-alaga:

- Sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA), nararapat na magbigay ang LEA ng pagsusuring pangkalusugan at paggagamot sa mga mag-aaral na nasa IEP/IFSPS nang walang anumang kabayaran mula sa mga magulang/tagapag-alaga.
  - Sa programang Medical Billing Option ng LEA, pinahihintulutan ang mga paaralang pandistrito na makatanggap ng parte sa pederal na pondo at maibalik ang nagastos sa serbisyo sa pagsusuring pangkalusugan at paggagamot na naibigay sa mga bata na karapat-dapat sa serbisyo ng Medi-Cal at pati na rin ang mga miyembro ng pamilya na nasa sakop ng paaralan.
  - Maaring sakupin ng pagsusuring pangkalusugan at paggagamot ang mga serbisyo tulad ng ebalwasyon sa edukasyon pati na rin ang pagsusuri sa pandinig, pagpapayong pang-kaisipan, pag-aalaga ng bata, pagsasanay pampisikal pagkatapos ng kapinsalaan, pagsasanay sa pananalita, at ang transportasyon para sa mga nabanggit na serbisyo.
  - Ang San Diego Unified School District (SDUSD), sa pakikipagtulungan ng California Department of Health Care Services at ng California Department of Education, nakiki-isa sa programang Medical Billing Option ng LEA.
- Upang maibalik ang nagastos ng LEA mula sa programang LEA Medi-Cal Billing Option, kinakailangan nilang tumupad sa Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA)
  - Hinihingi ng FERPA mula sa LEA na makakuha ng kasulatan at pirmadong pahintulot ng magulang bago ang personal na pagsusumite ng mga dokumento o papeles ng mag-aaral sa Medi-Cal
- Pagkatapos makakuha ng pahintulot ng magulang, maaaring ibigay ng LEA ang mga impormasyon ng pagkabalda, serbisyong pangkalusugan, Medi-Cal ID, at Social Security number upang makumpirma ang hinihinging pagbabalik ng nagastos.

Mga Karapatan at Responsibilidad ng SDUSD

- Inaatasang magbigay ang SDUSD ng pagsusuring pangkalusugan at paggagamot para sa mga mag-aaral na nasa IEP/IFSP nang walang anumang kabayaran mula sa mga magulang/tagapag-alaga bagaman nakapagkamit ng pahintulot ng magulang na magbigay ng impormasyon.
- Kinakailangang makakuha ang SDUSD ng kasulatan o pahintulot ng mga magulang bago personal na magsumite ng mga papeles o dokumento ng mag-aaral sa Medi-Cal upang maibalik ang anumang nagugol sa serbisyong ibinigay.
- Pinapayagan ng FERPA ang LEA na mamahagi o mamigay ng impormasyon (tulad ng pangalan, tirahan, kapanganakan at pagkakakilanlan ng estudyante) kahit walang kasulatan o pahintulot mula sa magulang.
- Hindi kinakailangan ng FERPA na magkaroon ang LEA ng nasusulat na pahintulot mula sa mga magulang upang ang Public Consulting Group (PCG), sa kanyang kapasidad bilang ahente ng pagsingil ng LEA, upang makakuha o panatilihin para sa LEA, ang impormasyong pangkalusugan na nasa talaan ng edukasyon.

Karapatan at Proteksyon ng mga Magulang

- Kusang-loob ang pagbibigay ng pahintulot sa pagmamahagi ng impormasyon ng mag-aaral
- Sa pagbabalik ng mga nagastos sa pamamagitan ng LEA Medical Billing Option, hindi mababawasan ang anumang insurance benefits, madagdagan ang insurance premium, o maaring maging sanhi ng pagkahinto ng anumang pampunblikong benepisyo na matatanggap ng bata o ng pamilya
- Ang pagbibigay ng pahintulot sa limitadong pagmamahagi ng impormasyon ay hindi nangangailan na magkaroon ng anumang pampublikong benepisyo o insurance programs
- May karapatan ang mga magulang/tagapag-alaga na humiling na itong limitadong pamamahagi ng impormasyon ay isalin sa kanilang sariling wika o matanggap sa anumang uri ng komunikasyon
- Ang pahintulot na ibinigay para sa limitadong pamamahagi ng impormasyon ay maaring bawiin anumang oras na naisin subalit kinakailangang abisuhan ang SDUSD
  - Ipagpapatuloy ng SDUSD ang pagbibigay ng pagsusuring pangkalusugan at paggagamot ng walang anumang kabayaran mula sa mga magulang/tagapag-alaga